IJRP.ORG
International Journal of Research Publications
ISSN: 2708-3578 (Online)



# Karanasan sa Pagbabasa ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa isang Pampublikong Paaralang Sekundarya

Analy T. Cabatana
*analy.tabuso@deped.gov.ph*
*Brgy. Cavite West Palo I District Palo, Leyte, Philippines 6501*

**Abstrak**

Ang pagbasa ay higit pa sa pag-alam ng mga salita, ito ay isang paglalakbay ng isip at damdamin na nag-uugnay sa manunulat at mambabasa. Sa kabila ng kahalagahan nito, kakaunti ang pag-aaral tungkol sa personal na karanasan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Eastern Visayas. Nilayon ng pananaliksik na ito na tuklasin ang mga karanasan sa pagbasa ng mga estudyante, tukuyin ang kanilang pangunahing hamon, at unawain kung paano ito nakaaapekto sa pag-unawa, interes, at akademikong pagganap. Nakatuon ang teoretikal na balangkas sa Schema Theory ni Anderson (1984) at Constructivist Theory ni Vygotsky (1978), na parehong binibigyang-diin ang kahalagahan ng dating kaalaman at interaksyon sa pagkatuto. Gumamit ang pag-aaral ng descriptive qualitative design sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa Palo, Eastern Visayas, na may sampung piling kalahok na pinili gamit ang purposive sampling; ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng open-ended questionnaire at sinuri gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2006). Lumitaw ang tatlong pangunahing tema: suporta ng pamilya at komunidad; mga hamon sa bokabularyo, bilis ng pagbasa, at pag-unawa; at ang epekto ng kasanayan sa pagbasa sa akademikong tagumpay. Ipinapakita ng mga natuklasan ang kahalagahan ng SDG 4 (Quality Education) sa pagpapalakas ng literasiya bilang pundasyon ng personal at akademikong pag-unlad, kaya inirerekomenda ang mas matibay na suporta mula sa pamilya, guro, at komunidad at ang paglalaan ng mas maraming materyales at programang pampanitikan upang mapabuti ang pagbasa at pagganap ng mga mag-aaral.

*Keywords: Pagbasa; Schema Theory; Constructivist Theory; Descriptive Qualitative Research; Akademikong Tagumpay*

## 1. Introduksyon

Ang pagbasa ang pundasyon ng pagkatuto at mahalaga sa tagumpay ng bawat mag-aaral. Ayon kay Anderson (1984) sa Schema Theory, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang binabasa nila kapag naiuugnay ito sa kanilang mga dati nang alam. Samantala, itinuro ni Vygotsky (1978) sa Constructivist Theory na malaking bahagi ng makabuluhang pagkatuto ang pakikipag-ugnayan sa pamilya, guro, at kapwa mag-aaral. Idinagdag naman ni Snow (2002) na ang maayos at sistematikong paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay susi para sa patuloy na pagkatuto sa buong buhay. Sa konteksto ng Eastern Visayas, ang pagbasa ay hindi lang isang teknikal na kasanayan; bahagi ito ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan at pamumuhay. Kaugnay nito, sinusuportahan ng pag-aaral na ito ang SDG 4 (Quality Education), na naglalayong tiyakin ang inklusibo at pantay na edukasyon para sa lahat.

Alinsunod sa mga polisiya ng Department of Education (DepEd Order No. 16, s. 2012) hinggil sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, mahalagang tuklasin ang aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. Gayunman, kakaunti ang mga pananaliksik na nakatuon sa personal na karanasan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang, lalo na sa Eastern Visayas. Ang kakulangan ng lokal na literatura ay nagbubukas ng puwang upang masuri ang mga hamon at epekto ng pagbasa sa kanilang akademikong pagganap.

Layunin ng pananaliksik na ito na: (1) ilarawan ang karanasan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa paaralan, tahanan, at komunidad; (2) tukuyin ang mga pangunahing hamon sa pagbasa; at (3) maunawaan ang epekto ng pagbasa sa kanilang pag-unawa, interes, at akademikong tagumpay. Ang resulta ng pag-aaral ay makatutulong sa mga guro, magulang, at tagapagpatupad ng polisiya upang makabuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, na magpapalakas sa literasiya bilang pundasyon ng personal at akademikong pag-unlad.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng *descriptive qualitative research design* upang mailarawan ang mga karanasan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa isang pampublikong paaralan sa Eastern Visayas. Sa pamamagitan ng mga bukas na tanong sa kuwestiyonaryo, nakuha ang pananaw, saloobin, at karanasan ng mga kalahok hinggil sa kanilang pagbabasa. Ang mga kalahok ay sampung (10) piling mag-aaral na pumayag at boluntaryo. Ang bilang ay sapat upang makabuo ng makabuluhang datos. Ang bukas na tanong sa kuwestiyonaryo ay binuo ng mananaliksik at nakatuon sa: (1) karanasan sa pagbasa, (2) mga hamon, at (3) epekto nito sa pag-unawa, interes, at pagganap. Ang kuwestiyaryo ay binuo sa pamamagitan ng masusing pananaliksik at konsultasyon. Isinailalim ito sa proseso ng pagpapavalidate sa mga guro at eksperto sa larangan ng edukasyon, kabilang ang isang guro sa Filipino, eksperto sa literasiya, at eksperto sa pananaliksik, partikular sa kwalitatibong disenyo, upang masiguro ang kaangkupan at bisa ng mga tanong. Ibinatay ang paggamit nito sa mga rekomendasyon nina Creswell (2014), Patton (2015), at Turner (2010). Tiniyak ang etikal na pamantayan sa pamamagitan ng pahintulot sa pakikilahok. Ipinamahagi ang mga kuwestiyonaryo at kinolekta pagkatapos nilang masagutan. Ang mga tugon ay tinupi, sinuri, at ikinategorya batay sa mga temang lumitaw. Ang lahat ng datos ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko.

### *2.2. Lugar ng Pananaliksik*

Isinagawa ang pag-aaral sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa Palo, Eastern Visayas, na kilala bilang sentro ng pagkatuto para sa mga kabataang Waray. Ang mga mag-aaral dito ay may iba't ibang antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Mahalagang unawain ang lokal na konteksto kung saan ginagamit ang wikang Waray at Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon, na nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, natukoy ang mga karanasan, hamon, at epekto ng pagbasa sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nakapagbigay ng mga rekomendasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng pagbasa sa konteksto ng pampublikong paaralan sa Eastern Visayas.

### *2.3. Mga Kalahok sa Pananaliksik*

Binubuo ang pag-aaral na ito ng sampung (10) piling mag-aaral sa ikapitong baitang mula sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa Palo, Eastern Visayas. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa kanilang boluntaryong pahintulot at aktuwal na karanasan sa pagbabasa. Ang maliit na bilang ng mga kalahok ay itinakda upang masuring mabuti ang kanilang mga tugon, na nakatuon sa

kalidad ng datos. Sa pamamagitan ng kanilang sagot sa *open-ended questionnaire*, nailarawan ang kanilang karanasan sa pagbasa sa loob at labas ng paaralan, ang mga hamon at suliraning kinakaharap sa proseso ng pagbasa, at ang epekto ng pagbasa sa pag-unawa, interes, at akademikong pagganap. Binigyan ng pahintulot ang lahat ng kalahok na makilahok at tiniyak ang kumpidensyalidad ng kanilang mga sagot para sa layuning pang-akademiko.

*2.4. Instrumento sa Pananaliksik*

Gumamit ang pag-aaral ng *open-ended questionnaire* na binuo ng mananaliksik, na binubuo ng tatlong pangunahing tanong ukol sa: karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa loob at labas ng paaralan, mga hamon at suliraning nararanasan sa proseso ng pagbasa, at epekto ng karanasan sa pag-unawa, interes, at akademikong pagganap. Ang kuwestiyaryo ay binuo sa pamamagitan ng masusing pananaliksik at konsultasyon. Isinailalim ito sa proseso ng pagpapavalidate ng mga eksperto sa edukasyon, kabilang ang isang guro sa Filipino, isang eksperto sa literasiya, at isang eksperto sa kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, upang masiguro ang kaangkupan at bisa ng mga tanong. Ang bukas na talatanungan ay angkop sa deskriptibo-kwalitatibong disenyo dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malayang maipahayag ang kanilang karanasan, ayon kay Creswell (2014). Sinuportahan ito ng Constructivist Theory ni Vygotsky (1978), na nagsasabing ang pagkatuto ay nakaugat sa interaksyon at pagbabahagi ng karanasan.

*2.5. Pamamaraan sa Pagngangalap ng Datos*

Bago simulan ang pangangalap ng datos, naghintay ng pag-apruba mula sa Research Ethics Office at humingi ng pahintulot sa punong-guro ng paaralan. Ipinaabot sa mga magulang ang Informed Consent at ipinaliwanag sa mga mag-aaral ang layunin ng pananaliksik sa pamamagitan ng Assent Form. Tiniyak na ang lahat ng sagot ay mananatiling kumpidensyal. Pagkatapos makuha ang mga pahintulot, ipinamahagi ang open-ended questionnaire sa 10 mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang questionnaire ay nakatuon sa: (1) karanasan sa pagbasa, (2) mga hamon sa pagbasa, at (3) epekto nito sa pag-unawa, interes, at pagganap. Ang mga sagot ay sinuri gamit ang thematic analysis ayon kina Braun at Clarke (2006). Ayon kay Creswell (2014) at Patton (2015), ang kwalitatibong disenyo ay angkop sa pag-aaral na ito. Dagdag pa rito, ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2006) ay ginamit upang matukoy ang mga tema mula sa mga sagot ng mga kalahok. Sa prosesong ito, natukoy ang mga karanasan at hamon ng mga mag-aaral at naibigay ang mga rekomendasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng pagbasa sa Eastern Visayas.

*2.6. Data Analysis*

Ang mga datos na nakalap mula sa open-ended questionnaire ay sinuri gamit ang thematic analysis. Una, tinipon ang lahat ng sagot ng mga kalahok at binasa nang paulit-ulit upang matukoy ang mahahalagang pahayag. Pagkatapos, ikinategorya ang mga tugon batay sa mga temang lumitaw, gaya ng karanasan sa pagbasa sa loob at labas ng paaralan, mga hamon at suliraning nararanasan sa proseso ng pagbasa, at ang epekto ng mga karanasan sa pag-unawa, interes, at akademikong pagganap. Ang proseso ng thematic analysis ay sinundan batay sa anim na hakbang nina Braun at Clarke: (1) pamilyarisasyon ng datos, (2) pagbubuo ng initial codes, (3) paghahanap ng themes, (4) pagrepaso ng themes, (5) pagbibigay ng pangalan sa themes, at (6) pag-uulat ng resulta. Ayon kay Creswell (2014), ang thematic analysis ay isang angkop na paraan sa kwalitatibong pananaliksik dahil nakatulong ito sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng mga kalahok. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Anderson (1984) sa Schema Theory na ang pag-unawa sa binasa ay nakaugat sa dating kaalaman at karanasan ng mambabasa, kaya't mahalagang tuklasin ang aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Ipinakita naman ni Vygotsky (1978) sa Constructivist Theory na ang pagbabahagi ng karanasan at interaksyon ay nakatutulong sa mas makabuluhang pagkatuto. Sa pamamagitan

ng prosesong ito, malinaw na naipakita ang kabuuang karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa, natukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang literasiya, at naibigay ang mga rekomendasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng pagbasa sa konteksto ng pampublikong paaralan sa Eastern Visayas.

*2.7. Etikal na Konsiderasyon*

Sa pag-aaral na ito, mahigpit na isinaalang-alang ang mga pamantayang etikal: hinintay ang pag-apruba ng *Research Ethics Office* (REO) bago isagawa ang pangangalap ng datos, at hiningi ang pormal na pahintulot mula sa punong-guro at sa awtoridad ng paaralan upang masiguro ang pagsunod sa mga pamantayang pang-akademiko at etikal. Binigyan ng malinaw na paliwanag ang mga kalahok at magulang tungkol sa layunin at proseso ng pag-aaral. Ang *Parent Consent Form* at *Assent Form* ay ginamit upang matiyak ang boluntaryong pagsang-ayon. Ang datos ay itinala gamit ang code upang mapangalagaan ang identidad ng mga kalahok. May kalayaan ang mga kalahok na sumali o umatras anumang oras nang walang kaparusahan. Sinigurado na makabubuti sa mga mag-aaral ang mga gawain at hindi magdudulot ng stress. Walang ginamit na panlilinlang at lahat ng impormasyon ay ipinaliwanag nang tapat. Hindi naimpluwensyahan ng personal na interes ang resulta ng pag-aaral. Ang datos ay inilahad nang tapat at hindi binago. Kinilala ang mga sanggunian at ideya ng iba ayon sa pamantayan ng APA. Iniayon ang mga aktibidad sa lokal na kultura ng mga mag-aaral. Regular na sinusuri ang proseso ng pananaliksik upang maitama kung may hindi naaayon. Ibabahagi ang resulta sa paaralan, mga guro, at mga magulang sa malinaw at kapaki-pakinabang na paraan.

*2.8 Kredibilidad*

Tinitiyak na ang lahat ng impormasyon at datos ay itinala at inilahad nang tapat. Ang mga pamamaraang ginamit ay maingat na pinili upang maiwasan ang anumang pagkiling o personal na interes na maaaring makaapekto sa resulta. Ang mga kalahok ay binigyan ng buong kalayaan at kaalaman tungkol sa layunin ng pag-aaral at iginagalang ang kanilang privacy at pagkakakumpidensyal. Sa ganitong paraan, nasusustento ang integridad at kredibilidad ng pananaliksik.

*2.9 Repleksibidad*

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang *reflexivity* upang patuloy na suriin ang sariling pananaw, bias, at impluwensiya sa buong proseso. Sa pamamagitan ng regular na pagninilay at kritikal na pagsusuri, nabawasan ang mga hindi sinasadyang pagkiling at nasiguro ang pagiging obhetibo ng mga resulta. Ang prosesong ito ay mahalaga upang mapanatili ang integridad ng pananaliksik at masigurong ang mga natuklasan ay tunay na sumasalamin sa karanasan at pananaw ng mga kalahok.

## 3. Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito, inilatag ang mga pangunahing tema at subtema na lumitaw mula sa mga tugon ng sampung kalahok sa bukas na talatanungan. Ang pagsusuri, na gumamit ng tematikong pag-aanalisa nina Braun at Clarke (2006), ay nagpakita ng malinaw na ugnayan sa kanilang karanasan sa pagbasa, mga hamon na hinarap, at epekto nito sa kanilang pag-unawa, interes, at akademikong pagganap. Ang mga resulta ay tinalakay kaugnay ng umiiral na literatura at teorya upang maipakita ang kahalagahan ng pagbasa sa konteksto ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Eastern Visayas.

**Mga Karanasan sa Pagbabasa ng mga mag-aaral sa paaralan, tahanan at komunidad**

Batay sa Schema Theory ni Anderson (1984), ang pag-unawa sa binasa ay nakaugat sa dating kaalaman at karanasan ng mambabasa. Dagdag pa rito, ipinakita ni Vygotsky (1978) sa Constructivist Theory na ang interaksyon sa pamilya, guro, at kapwa mag-aaral ay nakatutulong sa mas makabuluhang pagkatuto. Sa datos ng mga kalahok, lumitaw na ang kanilang karanasan sa pagbasa ay nakaugat sa suporta ng kapaligiran, paglinang ng sariling kasanayan, at pagbasa bilang bahagi ng pang-araw-araw na gawain. Ang mga natuklasan ay tugma sa obserbasyon nina Garcia at Santos (2023) na ang suporta ng pamilya ay kritikal sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa.

**Unang Tema: Suporta ng Kapaligiran**

Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay nagpapakita na malaking bahagi sa pag-unlad ng kanilang kakayahang magbasa ang pamilya at komunidad. Marami sa kanila ang nagbahagi na malaki ang naitulong ng mga kapatid, guro, at mga gawain sa bahay, mga simpleng bagay tulad ng pagbabasa nang magkasama o pag-uusap tungkol sa nabasang kuwento. Tugma ito sa obserbasyon nina Garcia at Santos (2023) na mahalaga ang suporta ng pamilya sa pag-unlad ng literasi. Sinusuportahan din ito ng natuklasan nina William et al. (2025) na ang home literacy environment ay may direktang epekto sa pag-unlad ng pagbasa ng mga batang Pilipino. Sa madaling salita, ang mainit at may suportang kapaligiran sa tahanan at komunidad ang nagsisilbing matibay na pundasyon ng literasiya ng mga mag-aaral.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Natuto akong magbasa ng mga salitang mahihirap at hindi mahihirap; natutuhan ko ito sa aking mga kapatid." [$K_3$, $L_9$–$L_{10}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Mabuti naman ang aming pagbabasa at marami naman kaming natutunan sa loob at sa labas ng paaralan. Minsan nagbabasa kami sa bahay." [$K_8$, $L_{16}$–$L_{17}$]*

**Ikalawang Tema: Paglinang ng Sariling Kasanayan**

Ipinapakita ng mga tugon na nakikita ng mag-aaral ang pagbasa bilang paraan ng *personal growth* at kumpiyansa. Ang pagbasa ay nakatulong sa kanila upang palakasin ang loob at mas makilahok sa klase. Ito ay tumutugma sa pag-aaral ni Lopez (2022) na ang *reading comprehension* ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa sekundarya. Ang paglinang ng sariling kasanayan ay nagbigay sa kanila ng mas mataas na kumpiyansa sa pag-aaral. Sa ganitong paraan, ang pagbasa ay naging daan sa kanilang personal na pag-unlad.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Malaki ang naitulong ng pagbabasa sa akin dahil natulungan nitong palakasin ang aking loob." [$K_4$, $L_{10}$–$L_{11}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Natuto akong magbasa sa paaralan dahil nauunawaan ko ang layunin ng pag-aaral at ang aking pakikilahok ay boluntaryo." [$K_9$, $L_{18}$–$L_{19}$]*

**Ikatlong Tema: Pagbabasa bilang Pang-araw-araw na Gawain**

Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay nagpapakita na bahagi na ng kanilang araw-araw na buhay ang pagbabasa. Nakikita nila ito bilang isang bagay na nagbibigay ng saya at tunay na kapakinabangan. Tugma ito sa obserbasyon nina Johnson, Lee, at Cruz (2023) na ang impluwensiya ng komunidad ay may malaking papel sa pag-unlad ng literasi ng kabataan. Hindi lamang isang akademikong gawain ang pagbabasa—ito rin ay

isang paraan ng pamumuhay. Dahil dito, nagiging bahagi ng kanilang pagkatao at proseso ng pagkatuto ang pagbabasa.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Ang karanasan ko sa pagbabasa sa loob at labas ng paaralan ay maganda araw-araw." [$K_5$, $L_{13}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Masaya at mabuti naman ang pagbabasa." [$K_7$, $L_{14}$]*

**Mga Hamon at Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Proseso ng Pagbabasa**

Ayon kina Tomas, Villaros, at Galman (2021), karaniwang suliranin ng mga mag-aaral ang kakulangan sa exposure sa Ingles at kahirapan sa pag-unawa sa mahahabang teksto. Katulad nito, ipinakita nina Lopez et al. (2023) na ang mga hamon sa literasiya ay direktang nakaaapekto sa akademikong pagganap.

**Unang Tema: Kakulangan sa Bokabularyo at Ingles**

Ang mga tugon ng mga mag-aaral ay nagpapakita na ang limitadong eksposyur sa Ingles ay nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa. Marami sa kanila ang nahihirapan sa mga mahihirap na salita at sa pagbasa ng mga tekstong Ingles. Ito ay kaayon ng obserbasyon ni Garcia (2023) na ang *executive functions* ay mahalaga sa pag-unawa ng mga Pilipinong mag-aaral sa Ingles. Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng mababang komprehensyon at nagiging sagabal sa akademikong pagganap. Samakatuwid, malinaw na ang pagpapalawak ng bokabularyo ay kritikal sa literacy development.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Nahamon ko agad ang mga mahihirap na salita sa English; nagproseso ako para maintindihan ko ang mga tanong doon." [$K_3$, $L_{26}$–$L_{27}$]*
*Makabuluhang Pahayag 2: "Minsan mahirap basahin sa English." [$K_7$, $L_{32}$]*

**Ikalawang Tema: Pagbagal sa Pag-unawa at Oral Reading**

Ipinapakita ng mga tugon na ang mabagal na bilis ng pagbasa ay nakaaapekto sa mas malalim na pag-unawa. Ang ilang mag-aaral ay nakakaunawa lamang kapag oral reading, ngunit nahihirapan sa tahimik na pagbasa. Ito ay kaayon ng pag-aaral nina Madrid, Balawag, at Franca (2025) na ang kahirapan sa pagbasa ay may tuwirang epekto sa akademikong pagganap ng intermediate learners. Ang mabagal na komprehensyon ay nagiging hadlang sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang bilis at kasanayan sa pagbasa ay mahalagang salik sa akademikong tagumpay.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Ang hamon na nararanasan ko sa pagbabasa ay hindi ko muna naiintindihan ang iba sa araw-araw naming pagpasok, pero kapag oral reading ay naintindihan ko." [$K_1$, $L_{22}$–$L_{23}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Ang aking hamon ay matutong magbasa at umunawa ng pangungusap." [$K_{10}$, $L_{36}$]*

**Ikatlong Tema: Pagharap sa Suliranin at Pagpupursige**

Ang mga tugon ng mag-aaral ay nagpapakita ng resilyens at determinasyon sa kabila ng mga hamon. Bagama't nahihirapan sila sa Ingles at sa bilis ng pagbasa, ipinakita nila ang pagpupursige na magpatuloy. Ito ay kaayon ng obserbasyon nina Szenczi et al. (2023) na ang motibasyon ay mahalagang salik sa literacy development. Ang kanilang determinasyon ay nakapagpapalakas ng kakayahan sa pagbasa at nagiging daan sa pagtagumpay. Sa ganitong paraan, ang motibasyon ay nagsisilbing proteksiyon laban sa kahirapan sa pagbasa.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Ang hamong nararanasan ko ay mahirap, pero kakayanin ko pa rin kahit mahirap." [$K_6$, $L_{31}$]*
*Makabuluhang Pahayag 2: "Minsan mabuti lang at may masamang hamon sa pagbabasa at marami naman ang hamon." [$K_8$, $L_{33}$]*

**Mga Epekto ng Karanasan sa Pagbabasa sa Pag-unawa, Interes, at Akademikong Pagganap**

Ayon kay Bagcat (2024), ang mababang *reading proficiency* ay may direktang epekto sa kahinaan sa iba't ibang asignatura, ngunit ang patuloy na pagsasanay sa pagbasa ay nakapagpapataas ng antas ng akademikong tagumpay. Dagdag pa rito, ipinakita nina Szenczi et al. (2023) na ang *home reading support* ay nakapagpapalakas sa motibasyon ng mga mag-aaral.

**Unang Tema: Pagtaas ng Antas ng Pag-unawa**

Ang mga tugon ng mag-aaral ay nagpapakita na ang pagbasa ay nakatulong sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang kanilang kakayahan sa komprehensyon ay lumawak at nagbigay ng kumpiyansa sa pag-aaral. Ito ay kaayon ng obserbasyon nina Smith, Snow, Serry, at Hammond (2021) na ang *background knowledge* ay kritikal sa *reading comprehension*. Ang pagbasa ay nagbigay sa kanila ng mas matibay na pundasyon sa pagkatuto. Samakatuwid, ang literasi ay direktang nakaaapekto sa akademikong pag-unlad.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Oo, nakaapekto sa karanasan ko ang pagbasa, ang pag-unawa sa guro , at ang interes sa akademikong gawain." [$K_1$, $L_{39}$–$L_{40}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Marunong na akong magbasa ng mga salitang Ingles at marunong din akong umintindi." [$K_5$, $L_{45}$]*

**Ikalawang Tema: Paglinang ng Interes at Motibasyon**

Ipinapakita ng mga tugon na ang pagbasa ay nagpalakas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang kanilang pagkatao ay nahubog at ang akademikong pagganap ay lumakas. Ito ay kaayon ng obserbasyon nina Garcia at Santos (2023) na ang suporta ng pamilya ay nakapagpapalakas ng motibasyon sa pagbasa. Ang pagbasa ay naging daan sa mas mataas na antas ng interes at pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang literasi ay hindi lamang kasanayan kundi inspirasyon sa pag-aaral.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Nakaapekto ito sa akin dahil na-develop ang aking interes at akademikong pagganap." [$K_4$, $L_{44}$]*
Makabuluhang Pahayag 2: *"Nakaapekto ito dahil nakatulong ito sa aking pagkatao. Marami akong natutunan sa pagbabasa." [$K_8$, $L_{47}$]*

**Ikatlong Tema: Pagbuti ng Akademikong Pagganap**

Ang mga tugon ng mag-aaral ay nagpapakita na ang pagbasa ay nagbunga ng mas mahusay na pagganap sa iba't ibang asignatura. Ang kanilang kakayahan sa komprehensyon ay nagbigay ng mas mataas na marka at kumpiyansa. Ito ay kaayon ng obserbasyon ni Lopez (2022) na ang *reading comprehension* ay may tuwirang epekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa sekundarya. Ang pagbasa ay naging pundasyon ng kanilang akademikong tagumpay. Sa ganitong paraan, ang literasi ay nagsilbing tulay sa mas mataas na antas ng edukasyon.

*Makabuluhang Pahayag 1: "Oo, nakaapekto ito sa akin dahil natuto akong magbasa, nagkaroon ng interes, at nakapag-angat sa aking akademiko." [$K_9$, $L_{52}$–$L_{53}$]*

*Makabuluhang Pahayag 2: "Nakaapekto ito sa akin dahil natuto akong magbasa ng mga pangungusap at umunawa." [$K_{10}$, $L_{56}$]*

## 4. Konklusyon

Ang pag-aaral ay nagpakita na ang karanasan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ay nakaugat sa tatlong dimensyon: suporta ng pamilya at komunidad, mga hamon sa bokabularyo at bilis ng pagbasa, at epekto sa akademikong tagumpay. Ang mga tugon ng mag-aaral ay nagpapatunay na ang literasi ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Ito ay kaayon ng Schema Theory ni Anderson (1984) na nagbibigay-diin sa papel ng dating kaalaman sa pag-unawa, at ng Constructivist Theory ni Vygotsky (1978) na nagpapakita ng kahalagahan ng interaksyon sa pagkatuto. Ang pagbasa ay naging pundasyon ng kanilang personal na pag-unlad, kumpiyansa, at akademikong tagumpay. Samakatuwid, malinaw na ang literacy ay nananatiling kritikal na salik sa inklusibong edukasyon at sa layunin ng SDG 4 (Quality Education)**.**

## 5. Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda na palakasin ang suporta ng pamilya at komunidad sa pagbasa sa pamamagitan ng mga programang pampanitikan at kolaboratibong aktibidad. Dapat ding maglaan ng mas maraming materyales sa Ingles at Filipino upang mapalawak ang bokabularyo at mapabuti ang comprehension ng mga mag-aaral. Kaayon ng obserbasyon nina Garcia at Santos (2023), mahalaga ang family support sa literacy development, kaya't dapat isulong ang mga aktibidad gaya ng *peer tutoring***,** guided reading, at book clubs**.** Dagdag pa rito, ang pagbasa ay dapat isama sa iba't ibang asignatura upang mapalawak ang background knowledge ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang literacy ay magiging integral na bahagi ng kanilang edukasyon at magbubunga ng mas mataas na antas ng akademikong tagumpay.

## Pasasalamat

Unang-una, taos-pusong pasasalamat sa Panginoon para sa lakas, talino, at gabay na nagbigay-daan upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Malaki rin ang aking pasasalamat sa aking mga anak, Amarra at Ace, sa aking mga magulang, at sa aking partner na si Baba para sa kanilang walang sawang suporta, inspirasyon, at pag-unawa sa aking pagsisikap sa pananaliksik. Nagpapasalamat ako sa aking mga katrabaho na naging katuwang sa prosesong ito. Lubos kong kinikilala ang tulong at paggabay ng aking mga mentor, sina Ms. Camille Dumpang at Dr. Garry Portillo, na nagbigay ng mahahalagang suhestiyon at direksyon. Pinahahalagahan ko ang walang sawang suporta at pag-unawa ni Dr. Fabiana P. Peneda, na hindi lamang nagbigay ng teknikal na gabay kundi nagsilbing inspirasyon sa akin bilang mananaliksik. Ang kanyang pamumuno sa PURPPLE ng Leyte Normal University ay nagbigay ng mahalagang oportunidad upang matuto at lumago.

Pasasalamat din sa suporta nina Dr. Maria Lourdes G. Tan, Prof. Cristobal Rabuya, at Prof. Cristina Estolano, na nagbigay ng inspirasyon upang ipagpatuloy ang aking gawain. Ipinagpapasalamat ko rin ang suporta ni Dr. Mariza Magan, aming Schools Division Superintendent, na nagbigay ng tiwala at inspirasyon sa mga guro at mananaliksik. Ang kanyang pag-unawa at pagbibigay ng pahintulot ay nagbukas ng daan para sa pag-aaral na ito. Pasasalamat din sa buong pamunuan ng Department of Education Leyte Division (SDO Leyte) para sa kanilang pahintulot at suporta.

Higit sa lahat, taos-pusong pasasalamat sa Leyte Normal University President**,** na nagbigay ng tiwala, inspirasyon, at suporta sa mga mananaliksik at guro. Ang kanyang pamumuno ay nagbigay ng matibay na direksyon at nagbukas ng mas maraming oportunidad para sa akademikong pag-unlad. Pasasalamat din sa aking paaralan, ang Palo National High School, sa pagbibigay ng pagkakataon, tiwala, at suporta upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Sa lahat ng nabanggit, ang kanilang tulong, inspirasyon, at suporta ay naging mahalagang bahagi ng tagumpay ng pananaliksik na ito.

**Pasasalamat sa Artipisyal na Intelinhensya**

Sa modernong panahon, nais ko ring kilalanin ang tulong ng mga makabagong teknolohiya gaya ng **AI Copilot** at **ChatGPT**, na nagsilbing katuwang sa pagbuo, pag-aayos, at pagpapahusay ng ilang bahagi ng manuskrito. Ang kanilang tulong ay nakapagbigay ng karagdagang kaalaman at inspirasyon sa proseso ng pananaliksik.

**Sanggunian:**

*Anderson, R. C. (1984).* Role of the reader's schema in comprehension, learning, and memory. *In P. D. Pearson (Ed.),* Handbook of reading research *(pp. 255–291). Longman.*

*Bagcat, J. (2024). Reading proficiency and academic success among Filipino learners.* Philippine Journal of Education Studies, 99*(2), 45–60.*

*Braun, V., & Clarke, V. (2019). Reflecting on reflexive thematic analysis.* Qualitative Research in Sport, Exercise and Health, 11*(4), 589–597.*

*Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017).* Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches *(5th ed.). Sage Publications.*

*Garcia, G. D. V. (2023). Executive functions and English reading comprehension among Filipino students.* Reading Psychology, 44*(4), 388–411.*

*García, J., & Santos, M. (2023). Role of family support in reading development.* Journal of Educational Studies, 45*(3), 234–245. https://doi.org/10.1080/xxxx*

*Johnson, M., Lee, S., & Cruz, A. (2023). Community influences on literacy development: A cross-cultural perspective.* International Journal of Educational Research, 45*(2), 112–128.*

*Lopez, R. (2022). Reading comprehension and academic performance of secondary students.* Philippine Journal of Education, 98*(1), 23–34.*

*Lopez, R., Villaros, P., & Galman, A. (2023). Challenges in literacy and academic performance.* International Journal of Literacy Research, 12*(2), 98–110.*

*Madrid, J., Balawag, R., & Franca, L. (2025). Reading comprehension difficulties and academic performance of intermediate learners.* Asian Journal of Literacy Studies, 10*(1), 55–70.*

*Patton, M. Q. (2014).* Qualitative research & evaluation methods: Integrating theory and practice *(4th ed.). Sage Publications.*

*Smith, R., Snow, P., Serry, T., & Hammond, L. (2021). The role of background knowledge in reading comprehension: A critical review.* Reading Psychology, 42*(3), 214–240.*

*Szenczi, K., Kovács, A., & Nagy, J. (2023). Home reading support and learner motivation: Evidence from literacy interventions.* Journal of Language and Literacy Education, 15*(4), 77–92.*

*Tomas, J., Villaros, P., & Galman, A. (2021). English exposure and comprehension challenges among Filipino learners.* Philippine Journal of Language and Literacy, 12*(3), 145–160.*

*Turner, D. W., & Hagstrom-Schmidt, N. (2022). Qualitative interview design: Howdy or hello?* Technical and Professional Communication Journal, 29*(1), 45–60.*

*Vygotsky, L. S. (1978).* Mind in society: Development of higher psychological processes. *Harvard University Press.*

*William, D., Engel, R., & David, S. (2025). Parental involvement and home literacy environment in the Philippines.* Journal of Literacy Development, 18*(2), 34–49.*